

| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | II |
| --- | --- | --- | --- | --- |
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | OCTOBER 28 - 31, 2024 (WEEK 5) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
| --- | --- | --- | --- | --- | --- |
| **Layunin** | 1. Matukoy ang mga tauhan sa kuwento<br>2. Makapagbigay ng halimbawa ng tauhan<br>3. Mailarawan ang mga tauhan sa kuwento | 1. Matukoy ang mga tagpuan sa kuwento<br>2. Makapagbigay ng halimbawa ng tagpuan<br>3. Mailarawan ang mga tagpuan sa kuwento | 1. Matukoy ang mga bangahy sa kuwento<br>2. Mapagsunod-sunod ang pangyayari sa kuwento<br>3. Maisa-isa ang mga banghay sa kuwento | NO CLASSES | 1. Matukoy ang mga bahagi ng kuwento<br>2. Maisa-isa ang mga bahagi ng kuwento<br>3. Mailarawan ang mga bahagi sa kuwento |
| **Grdae Level Standard** | Pagkatapos ng Ikalawang Baitang, inaasahang nasasabi ng mga mag-aaral ang pangunahing diwa ng tekstong binasa o napakinggan, nagagamit ang mga kaalaman sa wika, nakababasa nang may wastong paglilipon ng mga salita at maayos na nakasusulat upang maipahayag at maiugnay ang sariling ideya, damdamin at karanasan sa mga narinig at nabasang mga teksto ayon sa kanilang antas o libel at kaugnay ng kanilang kultura. | | | | |
| **Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat kasanayan** | Nailalarawan ang mga elemento (tauhan, tagpuan, banghay) at bahagi at ng kuwento (panimula kasukdulan katapusan/kalakasan)<br>F2PN-Ii-j-12.1 F2PB-IId-4 | | | | |
| **NILALAMAN** | Pagbibigay ng Susunod na Pangyayari sa Kuwento | | | | |
| **KAGAMITANG PANTURO** | C.G Grade 2 sa Filipino 2016 pahina 22,38 | C.G Grade 2 sa Filipino 2016 pahina 22,38 | C.G Grade 2 sa Filipino 2016 pahina 22,38 | C.G Grade 2 sa Filipino 2016 pahina 22,38 | C.G Grade 2 sa Filipino 2016 pahina 22,38 |
| **Sanggunian** | Lalunio, Lydia. 2020. Bagong Filipino Tungo Sa Globalisasyon<br>2. Vibal Publishing.<br>Raflores, Ester. n.d. Binhi: Wika at Pagbasa. Jo-es Publishing House Inc. | | | | |
| **Mga pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga pahina sa Kagami-tang Pang Mag-aaral** | | | | | |
| **Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| | | | | | |
| **Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **Iba pang Kagamitang Panturo** | laptap | laptap | laptap | laptap | |
| **PAMAMARAAN** | | | | | |
| **Balik-aral sa nakaraangaralin at / o pagsisimula ng bagong aralin** | Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Tukuyin ang susunod na maaaring mangyari.<br><br>1. Maaga pa lang ay gising na si Mang Pablo. Dala-dala niya ang pala at punlang okra. Pupunta siya sa bukid.<br><br>2. Mahusay sa pagguhit si CJ. Siya ang napiling sumali sa patimpalak. Alam ng guro mo na kaya niya itong gawin.<br><br>3. Araw-araw ay kumakain si Danzel ng mga gulay at prutas. Maaga rin siyang natutulog. Bilin ito ng magulang niya sa kaniya.<br><br>4. Bago matulog ay gumagawa muna ng | Pangkatang gawain:<br><br>Sa loob ng 2 minuto sumulat sa inyong whiteboard ng halimbawa ng mga tauhan.<br><br>Ang grupong may pinakamaraming tama ( kailangang wasto rin ang baybay ) ang panalo. | Gawin ang HEPHEP kung ang sumusunod ay halimbawa ng TAUHAN at HURRAY kung ito ay TAGPUAN.<br><br>1. bahay<br>2. mag-anak<br>3. guro at pulis<br>4. kabukiran<br>5, plasa | | • Ano ang 3 elemento ng kuwento?<br>• Magbigay ng halimbawa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | takdang aralin si Clara. Hindi rin siya mahilig sa gadgets. Kaya natutuwa ang kaniyang magulang.<br><br>5. Sobra ang hilig ni Jomar sa mga junk food at juice. Madalang siyang kumain ng kanin. | | | | |
| **Paghahabi sa layunin ng aralin** | [SI ALITAPTAP AT SI PARUPARO - YouTub]()<br><br>1. Sinu-sino ang tauhan sa kuwento?<br>2. Paglalaruan mo din ba ang paru-paro katulad ng ginawa ng bata sa kuwento? Bakit oo? Bakit hindi?<br>3.Kung ikaw si Alitaptap, tutulungan mo ba si paru-paro? Bakit? | Panooring muli:<br><br>[SI ALITAPTAP AT SI PARUPARO - YouTub]()<br><br>1. Sa iyong palagay saan naganap ang kuwento?<br><br>2. Ilarawan ang lugar kung saan naganap ang kuwento. | Alalahanin ang kuwento ng alitaptap.<br><br>• Ano ang unang nangyari sa kuwento?<br>• Ano ang gitnang pangyayari?<br>• Anoa ng wakas nito? | | Balikan ang kuwentong Alitaptap.<br><br>Ano ang naging suliranin sa kuwento?<br><br>Paano ito nabigyan ng solusyon? |
| **Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Ang kuwento ay isang anyo ng panitikan na naglalayong maglahad ng isang mahalagang pangyayari.<br>Ito ay may elemento na gumagabay sa mambabása upang maunawaan nilang mabuti ang kuwentong binása.<br><br>Ngayong araw ay tatalakayin natin ang | TAGPUAN - Ito ay tumutukoy kung saan at kailan nangyari ang kuwento.<br><br>Mga Halimbawa :<br><br>  | Banghay - Ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa kuwento.<br><br>Banghay ng Kuwento:<br><br>1. Pinaglaruan ng bata ang Paru-Paro.<br>2. Naiwang nakabaliktad si p Paru-Paro.<br>3. Humingi ng tulong si Paru-paro. | | MGA BAHAGI NG KUWENTO<br><br>1. PANIMULA<br><br>- Ito ay nagpapakilala sa mga tauhan at naglalarawan sa tagpuan ng kuwento.<br><br>Halimbawa: |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | unnag elemento ng kuwento. – TAUHAN<br><br>Tauhan - Ito ang mga tao, bagay, hayop na gumaganap sa isang kuwento.<br><br>Mga Halimbawa :<br><br><br> | <br><br><br>Magpapakita ang guro ng mga aklat mula sa READING CORNER ng silid-aralan o mga librong nabasa na ng bata o ng guro sa klase.<br><br>• Naalala niyo ba ang mga tagpuan sa aklat at kuwentong ito?<br><br>Isa-isahin ang mga tagpuan. | 4. Dumating si langgam at gagamba ngunit hindi nila tinulungan si Paru-Paro.<br>5. Dumating si alitaptap at tinulungan si Paru-Paro.<br>6. Umalis na si Alitaptap at kanyang mga kasama. Bumalik na rin si Paru-Paro sa mga bulaklak. | | Isang araw pinaglaruan ng isang bata ang Paru-Paro. Iniwan niya itong nakabaliktad.<br><br>2. Kasukdulan<br>Ito ay naglalahad na unti-unti nang nalulutas ang suliranin.<br><br>Halimbawa :<br>Nagdasal si Paru-Paro. Maya maya ay may nakita siyang papalapit at pakislap – kislap na liwanag.<br><br>3. Kalakasan<br>Ito ang nagiging daan patungo sa wakas ng kuwento.<br><br>Halimbawa :<br>Dumating si Alitaptap.Ipinaliwanag ni Paru-Paro kung bakit siya nakabaliktad at tumawag ng tulong si alitaptap upang maitayo si Paru-Paro.<br><br>4. Katapusan<br>Ito ang resolusyon o ang kahihinatnan ng maikling kuwento.<br><br>Halimbawa: |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Umalis na si alitaptap at bumalik na rin si Paru-Paro sa mga bulaklak. |
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Magpapakita ang guro ng mga aklat mula sa READING CORNER ng silid-aralan o mga librong nabasa na ng bata o ng guro sa klase.<br><br>• Naalala niyo ba ang mga tauhan sa aklat at kuwentong ito?<br>• Isa-isahin ang mga tauhan | Panoorin:<br><br>(FILIPINO ) ARAW SA PALENGKE - MGA KUWENTONG PAMBATA - YouTube<br><br>• Sinu-sino ang tauhan sa kuwento?<br>• Saan ang tagpuan ng kuwento?<br>• Ilarawan ang tagpuan ng kuwento.<br>• Kung ikaw ang bata sa kuwento, tutulong at sasama ka rin ba sa palengke?<br>• Bilang isang bata ikaw ay dapat tumutulong sa mga gawaing bahay. | Basahin at unawain ang kuwento.Pagkatapos ay sagutan ang mga tanong.<br><br>**Si Carlo at si Felix**<br><br>Si Carlo at Felix ay magkaibigan. Nakaugalian na nila na magpunta sa bukid pagkatapos ng gawaing bahay. Napasigaw nang malakas si Felix, “Ahas!” “Ahas!” At halos napapikit ang mga mata ni Felix samantalang iminulat naman ni Carlo ang kaniyang mga mata. Dali-daling bumangon si Carlo at sabay siláng tumakbo palayo sa bukid. Pagkatapos ng pangyayaring iyon, lalong tumibay ang pagkakaibigan nilang dalawa.<br><br>1. Sinu-sino ang mga tauhan sa kuwento?<br>2. Saan naganap ang mga pangyayari sa kuwento?<br>3, Ano ang simula ng kuwento?<br>4. Ano ang naging wakas ng kuwento? | | Basahing Muli:<br><br>**Si Carlo at si Felix**<br><br>Si Carlo at Felix ay magkaibigan. Nakaugalian na nila na magpunta sa bukid pagkatapos ng gawaing bahay. Napasigaw nang malakas si Felix, “Ahas!” “Ahas!” At halos napapikit ang mga mata ni Felix samantalang iminulat naman ni Carlo ang kaniyang mga mata. Dali-daling bumangon si Carlo at sabay siláng tumakbo palayo sa bukid. Pagkatapos ng pangyayaring iyon, lalong tumibay ang pagkakaibigan nilang dalawa.<br><br>1. Ano ang naging suliranin ni Carlo at Felix?<br><br>2. Paano nabigyan ng solusyon ang suliranin? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | | | | Panoorin: [ANG PAGONG AT ANG KALABAW (KWENTONG PABULA NA MAY ARAL) - YouTube]<br><br>1. Ano ang simula ng kuwento?<br><br>2. Ano ang kasukdulan?<br><br>3. Ano ang naging kalakasan at katapusan ng kuwento? |
| **Paglinang sa kabihasaan ( Leads to Formative Assessment )** | Ilarawan ang mga sumusunod na tauhan :<br><br>1. gagamba<br>2. paru-paro<br>3.langgam<br>4. alitaptap<br>5. bata | | Panoorin:<br><br>[ANG PAGONG AT ANG KALABAW (KWENTONG PABULA NA MAY ARAL) - YouTube]<br><br>Pagsunod-sunurin ang pangyayari. Gumamit ng bilang 1-5.<br><br>______Inapi at minaliit ni kalabaw ang kakayahan ni pagong.<br>______ Nagkaroon ng karera si Pagong at Kalabaw<br>______Kinausap ni Pagong ang kanyang mga kaibigan.<br>____ Umatungal sa iyak si Kalabaw.<br>____ Nagkita si Pagong at Kalabaw. | | [Ang Langgam at ang Kalapati [The Ant and the Dove] \| Aesop's Fables in Filipino \| MagicBox Filipino - YouTube]<br><br>1. Sinu-sino ang tauhan sa kuwento?<br><br>2. Saan ang tagpuan?<br><br>3. Ano ang simula?<br><br>4. Ano ang naging suliranin?<br><br>5. Paano ito nasolusyunan?<br><br>6. Ano ang naging wakas? |
| **G.Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay** | • Kung ikaw ay magiging tauhan sa isan gkuwento, ano ang nais mong gampanan? | • Nakasama ka na rin ba sa palengke?<br><br>Magkaroon ng pagbabahagi ukol sa kanialng karanasan sa palengke. | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Talakayin ang aral ng kuwento. | | |
| **H.Paglalahat ng Aralin** | • Ano ang elemento ng kuwento na ating natalakay ngayon?<br>• Ano ang tauhan?<br>• Magbigay ng halimbawa | • Ano ang elemento ng kuwento na ating natalakay ngayon?<br>• Ano ang tagpuan?<br><br>Magbigay ng halimbawa | • Ano ang elemento ng kuwento na ating natalakay ngayon?<br>• Ano ang banghay?<br><br>Kailangan panoorin at basahing mabuti ang kuwento upang malaman ang banghay nito. | | Anu-ano ang elemento at bahagi ng isang kuwento? |
| **Pagtataya ng Aralin** | Panoorin:<br><br>Si Dindo Madungis : (Quarter1 Week 9-10 Story MELC based) Kwentong Pambata ni Teacher Mae - YouTube<br><br>• Sinu-sino ang tauhan sa kuwento?<br>• Ilarawan ang mga tahan. | Panoorin:<br><br>Si Bimbo Makalat ;(Quarter 4 Week 2 & 4 Story MELC based) Mga Kwentong May Aral ni Teacher Mae - YouTube<br><br>• Saan ang tagpuan ng kuwento?<br>• Ano ang aral ng kuwento? | | | Humanap ng isang kuwento sa iyong module. Iguhit sa papel ang mga tauhan at tagpuan nito. Kulayan ang naiguhit.<br><br>Hawak ang iyong naiguhit na mga tauhan at tagpuan ng nabasang kuwento. Isalasaysay ang buod o banghay nito sa klase. |
| **Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | | | | | |
| **MGA TALA** | | | | | |
| **PAGNINILAY** | | | | | |
| **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |
| **Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** | | | | | |
| **Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong? Anong suliranin ang aking naranasan na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor?** | | | | | |
| **Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |